Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-15 NG SETYEMBRE, 2016 SA GANAP NA IKA–9:55 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO**:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. PEDRO S. ABE | -------- | Kagawad/ Temporary Presiding Officer |
| KGG. JOHNDELL A. SAMONTE | -------- | Kagawad |
| KGG. RHODA DM. RABIE | -------- | Kagawad |
| KGG. MARIA AURELIA E. QUIJANO | -------- | Kagawad |
| KGG. ROMELIO E. LADUB | -------- | Kagawad |
| KGG. SHERYLL G. TABLICO-GAURINO | -------- | Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | -------- | Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT RANA | -------- | Kagawad |

**DI-NAKADALO:**

| | | |
|---|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -------- | Pangalawang Punumbayan/ Tagapangulo ng Sesyon **( Nasa Opisyal Na Gawain)** |
| KGG. PERCIVAL L. JAVIER | -------- | Pangulo-LNB **( Nasa Opisyal Na Gawain)** |

**<u>KAPASIYAHAN BLG. 35 T. 2016</u>**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KINATAWAN NG IKA-APAT NA DISTRITO NG LALAWIGAN NG LAGUNA, KGG. BENJAMIN C. AGARAO JR. NA MAKAPAGPATAYO NG MGA KONGKRETONG POSTE SA BUKANA NG ILOG NG LUMBAN NA MAGSISILBING HARANG SA MGA WATER LILIES NA PUMAPASOK SA KAILUGAN.**

**Akda Ni: Kgg. Ireneo R. Baldovino.**

**SAPAGKAT,** sa matagal na panahon, tuwing Habagat ay pumapasok ang mga waterlilies na nanggagaling sa Lawa ng Laguna sa kahabaan ng Ilog ng Lumban na nagiging sanhi ng pagbabara ng Kailugan**;**

**SAPAGKAT,** sa panghuhuli ng isda sa Lawa ng Laguna ay hindi makadaan ang malilit na bangka ng mga mangingisda sa kailugan dahil sa pagbabara ng waterlily na nagdudulot ng malaking abala at perwisyo sa mga mangingisda at magsasaka na lubhang nakakaapekto sa kanilang kabuhayan;

**SAPAGKAT**, hindi makakapasok ang mga water lilies kung masasagkaan nang matibay at kongkretong poste ang bukana ng Ilog Lumban;

**DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Ireneo R. Baldovino na pinangalawahan ni Kgg. Sheryll G. Tablico-Gaurino , at sinang-ayunan ng lahat ng dumalo, ay;

**IPINASIYA,** tulad nang dito'y ginawang **PAGPAPASIYA** na mapitagang hilingin sa Kinatawan ng Ika-Apat Na distrito ng Lalawigan ng Laguna, Kgg. Benjamin C. Agarao Jr. na makapagpatayo ng mga kongkretong poste sa bukana ng Ilog ng Lumban na magsisilbing harang sa mga waterlilies na pumapasok sa Kailugan ng Lumban.

**IPINASIYA PA RIN,** ang pagpapadala ng sipi ng kapasiyahang ito ang tanggapan ng Kinatawan ng Ika-Apat Na distrito ng Lalawigan ng Laguna, Kgg. Benjamin C. Agarao Jr. para sa kanilang kabatiran at pagsasaalang-alang.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika- 15 ng Setyembre, 2016.

**CORAZON B. PADUA**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Nagpatotoo:

**PEDRO S. ABE**
Kagawad/Pansamantalang Tagapangulo ng Sesyon/

Pinagtibay:

**ROLANDO G. UBATAY**
Punumbayan